

**Pagkatapos ng isang traumatic brain injury na nakakaapekto sa Frontal Lobe (harapang bahagi ng ulo), maaaring makaranas ang isang tao ng mga ganitong uri ng pagbabago:**

- Kahirapan sa pag-unawa sa mga pattern at ayos ng mga bagay
- Paulit-ulit na uulitin ang isang bagay, o matitigil sa isang asal o salita, kahit lumipas na ang paksa
- Kahirapang magtuon ng pansin sa isang gawain
- Mga pagbabago sa pag-uugali
- Kahirapan sa paglutas ng mga problema
- Kahirapan sa pagpapahayag ng mga saloobin at ideya sa pamamagitan ng pagsasabi nito
- Kawalan ng pagkukusa
- Kahirapang lumipat mula sa isang saloobin papunta sa isa pa
- Hindi makontrol na mga pagbabago sa emosyon, pag-uugali sa pakikisalamuha at seskwat
- Kahirapan na kusang magalaw ang kanilang mga braso at binti

**Pagkatapos ng isang traumatic brain injury na nakakaapekto sa Parietal Lobe (gitnang bahagi ng ulo), maaaring makaranas ang isang tao ng mga ganitong pagbabago:**

- Kahirapan sa mga kakayahang pang-akademya
- Kahirapan sa pagpangalan sa mga bagay
- Pagkalito sa paggamit ng kanan at kaliwang kamay
- Kahirapan sa pagproseso sa mga nahahawakang bagay
- Kahirapan sa pagsubaybay sa mga bagay o pagtuon ng pansin sa mga bagay na nakikita
- Kahirapan sa koordinasyon ng mata at kamay
- Kawalan ng kamalayan sa mga bahagi ng katawan
- Huminang kakayahan na mailagay sa posisyon ang katawan

**Pagkatapos ng isang traumatic brain injury na nakakaapekto sa Temporal Lobe (sa may sentido), maaaring makaranas ang isang tao ng mga ganitong pagbabago:**

- Kahirapan na maunawaan ang mga sinasabing salita
  - Kahirapan sa pagtuon ng pansin sa isang gawain sa gitna ng maraming mga gawain
  - Kahirapan na matandaan ang mga bagay na nangyari pa lamang
  - Pagbabago sa sekswalidad
  - Patuloy na pagsasalita
  - Tumaas na agresibong pag-uugali
  - Kahirapang makilala at maiuri ang mga bagay
  - Kahirapang makakilala ng mga mukha at hanapin ang mga bagay na nakikita
-

**Pagkatapos ng isang traumatic brain injury na nakakaapekto sa Occipital Lobe (likurang bahagi ng ulo), maaaring makaranas ang isang tao ng mga ganitong uri ng pagbabago:**

- Mga pagbabago sa paningin katulad ng hindi makita ang mga bagay sa gilid kapag tumitingin nang direktso
- Kahirapang hanapin ang mga bagay na nakikita
- Kahirapang makilala ang mga kulay
- Mga guni-guni
- Mga Pagbabago sa mga Nakikita
- Hindi mabasa o maunawaan ang mga salita
- Kawalan ng kakayahang makilala ang mga bagay na gumagalaw
- Kahirapan sa pagbabasa
- Kahirapan sa pagsusulat
- Mahinang pagproseso sa impormasyon na nakikita

**Pagkatapos ng isang traumatic brain injury na nakakaapekto sa Cerebellum, maaaring makaranas ang isang tao ng mga ganitong pagbabago:**

- Huminang gross at fine motor coordination (reaksiyon sa mga bagay)
- Pagkawala ng kakayahang maglakad
- Mahinang pagkontrol sa tindig
- Kawalan ng kakayahang gumawa ng mga mabilis na paggalaw
- Huminang pagkontrol sa paggalawa ng mata
- Tremors (Panginginig)
- Pagkahilo
- Utal-utal na pagsasalita

**Pagkatapos ng isang traumatic brain injury na nakakaapekto sa Temporal Lobe (sa may sentido), maaaring makaranas ang isang tao ng mga ganitong pagbabago:**

- Kahirapan na maunawaan ang mga sinasabing salita
- Kahirapan sa pagtuon ng pansin sa isang gawain sa gitna ng maraming mga gawain
- Kahirapan na matandaan ang mga bagay na nangyari pa lamang
- Pagbabago sa sekswalidad
- Patuloy na pagsasalita
- Tumaas na agresibong pag-uugali
- Kahirapang makilala at maiuri ang mga bagay
- Kahirapang makakilala ng mga mukha at hanapin ang mga bagay na nakikita